



# Gabay sa Dokumentong ng Aplikante ng IDNYC



Kailangan mong matugunan ang mga sumusunod na batayan para mag-aplay para sa IDNYC card:

1. Hindi bababa sa 4 na puntos ng mga dokumento, kabilang ang hindi bababa sa 3 puntos na nagpapatibay ng pagkakakilanlan at hindi bababa sa 1 puntos na nagpapatibay ng paninirahan sa NYC.
2. Dapat may litrato ang hindi bababa sa 1 sa mga dokumento, maliban na lamang kung may kasamang tagapag-alaga ang aplikante.
3. Dapat kabilang ang petsa ng kapanganakan sa hindi bababa sa 1 sa mga dokumento na isinumite.
4. Ang mga aplikante ay kailangang edad 10 taong gulang pataas para mag-aplay para sa isang IDNYC card. Ang mga aplikanteng edad 10 - 13 ay kailangang may kasamang Tagapag-alaga na pipirma ng aplikasyon sa kanilang ngalan. Para sa higit pang impormasyon, sumangguni sa seksyon ng tagapag-alaga sa pahina 2 ng dokumentong ito.

Hindi tatanggap ng pasong dokumento maliban na lamang kung partikular na nabanggit sa ibaba.

Tanging orihinal na mga dokumento at mga kopya na may sertipikasyon ng nagbigay na ahensya ang tatanggapin; ang mga ni-laminate na dokumento ay tatanggapin lamang kung orihinal na itong naka-laminate noong ipinagkaloob.

**MAAARI MONG GAMITIN ANG MGA DOKUMENTONG NAKALISTA SA IBABA PARA MAG-APLAY PARA SA IYONG IDNYC CARD. ANG MGA DOKUMENTONG MAY ASTERISK (\*) AY TATANGGAPIN BILANG PATUNAY NG PETA SA NG KAPANANAKAN. PARA SA HIGIT PANG IMPORMASYON, BISITAHIN ANG WEBSITE NG IDNYC SA [WWW.NYC.GOV/IDNYC](http://WWW.NYC.GOV/IDNYC). PARA SA MGA TAGUBILIN SA APLIKASYON TINGNAN ANG LIKOD NG APLIKASYON NG IDNYC.**

## Mga Dokumentong na may Apat (4) na Puntos - Patunay ng Pagkakakilanlan at Paninirahan

- Lisensya sa Pagmamaneho mula sa DMV ng NYS, Learner's Permit, o ID Card ng Hindi Nagmamaneho na may kasalukuyang address sa NYC. Ang paso na lisensya/permit/ID ng NYS DMV ay tatanggapin kung ipepresenta kasama ang hindi pasong interim license/permit/ID ng DMV na may nakalagay na kaparehong numero ng ID.\*
- Lisensya sa Pagmamaneho mula sa U.S. Department of State o ID Card ng Hindi Nagmamaneho na may kasalukuyang address sa NYC\*
- IDNYC card na may kasalukuyang address sa tirahan\*
- Lisensya ng Restricted Handgun ng Kagawaran ng Pulisya ng NYC (NYPD) na may kasalukuyang address sa NYC\*
- Aplikasyon ng IDNYC Middle School Card na pinirmahan ng tagapag-alaga na ipinakita sa pagpapatala sa paaralan at na-verify ng DOE

## cont... Mga Dokumentong na may Dalawang (2) Puntos - Patunay ng Pagkakakilanlan

- Liham ng Pagtatalaga ng ITIN ng U.S.
- ID ng Hukbong Serbisyo ng U.S.\*
- Propesyonal na ID card ng Kagawaran ng Edukasyon ng NYS
- Form ng Beripikasyon ng NYC Summer Youth Employment Program (SYEP)(nagpapatunay rin ng paninirahan)\*
- I-94 Form na ipinagkaloob ng U.S. Department of Homeland Security na may larawan at fingerprint at petsa ng kapanganakan\*
- NYS DMV Interim na Lisensya sa Pagmamaneho, Learner Permit o ID card ng Hindi Nagmamaneho\*
- Abiso sa Pag-apruba sa Form ng I-797, I-797A, I-797B o I-797D na mula sa Pagkamamamayan at Pang-imigranteng Paglilingkod ng U.S. (USCIS)
- NYC DOE Form sa Pag-verify ng Mag-aaral; may tagapag-alaga

## Mga Dokumentong na may Tatlong (3) Puntos - Patunay ng Pagkakakilanlan

- Pasaporte ng U.S. o Card na Pasaporte ng U.S.\*
- Dayuhang Pasaporte (nababasa ng makina)\*
- Lisensya sa Pagmamaneho mula sa U.S. State o ID na may larawan ng Learner's Permit\*
- ID card ng Estado ng U.S.\*
- Card ng Permanenteng Residente ng U.S. (Green Card)\*
- Sertipiko ng Pagkamamayan/Naturalisasyon ng U.S.\*
- Kredensyal ng U.S. Merchant Mariner\*
- Lisensya sa Pagmamaneho mula sa U.S. Department of State o ID Card ng Hindi Nagmamaneho na walang kasalukuyang address\*
- ID card ng Pinawalang Maysala (may petsa sa loob ng 1 taon) ng Kagawaran ng Koreksiyonal at Pamamahala ng Komunidad (Department of Corrections and Community Supervision, DOCCS) ng NYS\*
- Attorney Secure Pass ID card ng Pinag-isang Sistema ng Korte ng NYS
- Common Access Card (para sa nasa aktibong paglilingkod, retirado, o reservist na tauhan ng militar)\*
- Kasalukuyang Permit sa Pagtatrabaho sa U.S.\*
- Pantribong ID ng U.S.\*
- Card ng NYS Electronic Benefit Transfer (EBT)/CBIC na may litrato\*
- IDNYC card na walang kasalukuyang address sa tirahan\*

## Mga Dokumentong na may Isang (1) Puntos - Patunay ng Pagkakakilanlan

- Dayuhang pambansang ID card (hindi nababasa ng makina)\*
- Dayuhang sertipiko ng kapanganakan\*
- Dayuhang ID card ng militar na may litrato\*
- Lisensya sa Pagmamaneho ng Dayuhan (hindi nababasa ng machine)\*
- ID card ng institusyong pang-edukasyon: middle school, mataas na paaralan, unibersidad, kolehiyo, at post-secondary na paaralan\*
- Form sa Pag-verify ng Mag-aaral (nagpapatunay din ng paninirahan) mula sa NYC Department of Education (DOE); dapat ipakita kasama ng ID ng mag-aaral kung walang kasamang tagapag-alaga.\*
- Diploma mula sa mataas na paaralan, programa na katumbas ng mataas na paaralan, o edukasyon pagkatapos ng sekundaryang paaralan, kolehiyo, o unibersidad sa U.S.
- Transcript ng paaralan mula sa mataas na paaralan ng U.S. o edukasyon pagkatapos ng sekundaryang paaralan, kolehiyo, o unibersidad
- Card ng NYS EBT na walang litrato\*
- ID card ng NYC SYEP
- ID na may litrato ng unyon ng U.S.
- ID ng empleyado, consultant, o miyembro ng board mula sa isang samahan na matatagpuan sa U.S. kabilang na ang ID ng klero
- Sertipiko ng kasal, sibil na unyon, domestikong pagsasama o diborsiyo\*
- MTA MetroCard para sa mga senior at taong may kapansanan
- MTA Access-A-Ride ID card
- Card ng Miyembro para sa Maygulang, Young Adult, Senior, o Beterano ng Sentro ng Mga Parke at Libangan ng NYC
- Card ng Rehistradong ng Botante ng U.S.
- Card ng Napipiling Serbisyo ng U.S.\*
- Card ng Medicare
- Card ng ITIN ng U.S.
- Ang sertipiko ng kapanganakan ng U.S. ng iyong anak (kailangan nakalista bilang magulang)\*
- ID card ng pasilidad ng NYS OMH.

## Mga Dokumentong na may Dalawang (2) Puntos - Patunay ng Pagkakakilanlan

- Dayuhang Pasaporte (hindi nababasa ng makina)\*
- Pasong Pasaporte ng U.S. o Card ng Pasaporte (aabot sa 3 taon nang paso; nababasa ng makina)\*
- Pasong dayuhang pasaporte (aabot sa 3 taon nang paso; nababasa ng makina)\*
- ID card ng Konsulado\*
- U.S. ID card ng Beterano na ipinagkaloob ng VA
- Pangkalusugang ID Card ng Beterano sa U.S. na ipinagkaloob ng VA
- ID ng empleyado ng pederal, estado o lokal na pamahalaan ng U.S.
- Sertipiko ng Kapanganakan ng U.S.\*
- Bisa na ipinagkaloob ng Kagawaran ng Estado ng U.S.\*
- Lisensya sa Pagmamaneho ng Dayuhan (nababasa ng machine)\*
- Dayuhang pambansang ID card (nababasa ng makina)\*
- Card ng Panlipunang Seguridad
- Paso nang IDNYC card - mayroon o walang kasalukuyang address (higit sa 6 na buwan at wala pang 3 taon pagkatapos ng petsa ng pagpaso)

### Mga Dokumento na may Isang (1) Puntos - Patunay ng Paninirahan

- Kuwenta ng utility cable, telepono, o utility bill (may petsa na nasa loob ng 60 araw)
- Kasalukuyang dokumento sa pag-upa sa residensyal na tirahan o pakikiupa
- Pahayag sa lokal na buwis sa ari-arian (may petsa na nasa loob ng 1 taon)
- Resibo ng kabayaran sa mortgage sa ari-arian (may petsa na nasa loob ng 60 araw)
- Kuwenta, pahayag o abiso ng bangko, pinansyal o credit card account (may petsa na nasa loob ng 60 araw). Dapat ay kabilang ang numero ng account o customer ID.
- Pay stub sa trabaho (may petsa na nasa loob ng 60 araw)
- Pahayag, kuwenta, o tala mula sa institusyon sa kalusugan (may petsa na nasa loob ng 1 taon). Dapat ay kabilang ang account o numero ng ID ng pasyente.
- Pagtawag ng jury o kautusan ng hukom na inisyu ng NYS (kabilang ang mga hukom ng NYC) o hukom pederal (may petsa na nasa loob ng 60 araw)
- Mga Form ng IRS na W-2, 1099-MISC, 1095-A, 1095-B, and 1095-C (tinatanggap hangang Abril 15 ng taon na kasunod sa taon ng buwis sa form)
- Tax return na may patunay ng paghain (may petsa na nasa loob ng 1 taon ng petsa ng paghain)
- Liham o dokumento na mula sa IRS, o Kagawaran ng Pagbubuwis at Pananalapi (Department of Taxation and Finance, DTF) ng NYS (may petsa na nasa loob ng 1 taon)
- Kuwenta, pahayag, o tala sa seguro (may-ari ng bahay, buhay, tagaupa, kotse, seguro sa kalusugan; na may petsa na nasa loob ng 60 araw)
- Liham mula sa NYCHA (may petsa na nasa loob ng 60 araw)
- Susog sa Upa ng NYCHA at Abiso sa Upa (may petsa na nasa loob ng 1 taon)
- Kumpirmasyon ng Pagpalit ng Address sa USPS (may petsa na nasa loob ng 60 araw)
- Form ng Breakdown ng Upa sa Section 8 ng NYC HPD (may petsa na nasa loob ng 1 taon)
- Ulat ng Buod ng Komposisyon ng Kaso ng NYC HRA (may petsa na nasa loob ng 60 araw)
- ID card na may litrato ng inpatient sa pasilidad ng NYS OMH.
- Form ng Beripikasyon ng Paglabas (Verification of Release) na mula sa U.S. HHS/ORR (may petsa na nasa loob ng 1 taon)
- Utos ng Pagsubabay ng Immigration and Customs Enforcement (ICE) ng U.S. (may petsa na nasa loob ng 1 taon)
- Interim na Lisensya sa Pagmamaneho mula sa DMV ng NYS, Learner Permit, o ID card ng Hindi Nagmamaneho
- Abiso ng Desisyon o Pagtatakda (NOD) ng Kapansanan sa Pag-unlad na inisyu ng NYS OPWDD (may petsa na nasa loob ng 1 taon)
- Liham ng kumpirmasyon ng paninirahan para sa mga diplomatiko ng United Nations (UN) at kanilang mga pamilya (may petsa na nasa loob ng 60 araw)
- Liham para sa magulang/tagapangalaga ng mag-aaral na nag-aaral sa Head Start, Early Learn, o anumang paaralan ng NYC DOE (may petsa na nasa loob ng 60 araw) Dapat magbigay ng patunay ng relasyon sa mag-aaral ang aplikante.
- Liham para sa mag-aaral na nag-aaral sa pribado o parokyal na paaralan (may petsa na nasa loob ng 60 araw) Dapat magbigay ng ID ng paaralan ang aplikante.
- Form ng Beripikasyon ng Mag-aaral ng NYC DOE (makukuha sa mga paaralan ng DOE). Dapat magpresenta ng ID ng paaralan ang mag-aaral, o magpatala kasama ang tagapag-alaga.\*
- Form ng Beripikasyon ng SYEP
- Liham mula sa isang bahay-kanlungan sa NYC (nagsasaad na ang aplikante ay naninirahan sa bahay sa loob ng 15 araw at na pumapayag ang bahay-kanlungan na manatili ang mga residente nang higit sa 30 araw). (May petsa na nasa loob ng 60 araw)
- Kasunduan sa Pabahay ng Unibersidad para sa mga aplikanteng nakatira sa pabahay ng paaralan. Dapat magbigay ng ID ng paaralan na may litrato ang aplikante. Dapat ito ay may bisa.
- Liham mula sa Tagapamahala ng Kolehiyo o Unibersidad na nagsasaad na nakatira ang aplikante sa pabahay ng paaralan at nakakatanggap ng koreo sa ibang lokasyon ng paaralan. Dapat magbigay ng ID ng paaralan na may litrato ang aplikante. (Dapat ay may petsa na nasa loob ng 60 araw) Ang address sa card ay magiging "Care-of" ng paaralan.

**Para sa Mga Asawa at May Kinakasama: Ang mga aplikante na hindi makapagbibigay ng dokumento ng paninirahan na may sarili nilang pangalan ay maaaring magpresenta nito sa pangalan ng kanilang asawa o kinakasama; at ang (1) sertipiko ng kasal, sibil na unyon, domestikong pagsasama, o (2) sertipiko ng kapanganakan ng anak na nagpapangalan sa parehong aplikante at asawa o kinakasama bilang mga magulang. Dapat ring magpresenta ang aplikante ng pagpapatunay na nilagdaan ng asawa o kinakasama na nagsasaad na magkasama silang naninirahan.**

### Mga Dokumento na may Isang (1) Puntos - Patunay ng Paninirahan para sa mga aplikante na walang address ng tirahan o mga nakaligtas sa karahasan sa tahanan

- "Liham na Care-of" na ipinagkaloob ng walang-pakinabang na kapisanan o relihiyosong institusyon sa NYC na naglilingkod para sa mga indibiduwal na walang tirahan o mga nakaligtas sa karahasan sa tahanan. Ang entidad ay dapat kasalukuyang nakakatanggap ng pondo mula sa Lungsod. Dapat nakasaad sa liham na ang aplikante ay nakatanggap ng mga serbisyo mula sa entidad para sa mga nakalipas na 60 araw at na maaari nilang gamitin ang address ng entidad para sa mga layunin ng pagtanggap ng sulat (may petsa na nasa loob ng 14 araw). Ang address sa card ay magiging "Care-of" ng organisasyon.
- Liham mula sa ahensya ng lungsod, walang-pakinabang na kapisanan (non-profit organization), o relihiyosong institusyon sa NYC na nagbibigay ng mga serbisyo para sa mga indibiduwal na walang tirahan (may petsa na nasa loob ng 30 araw). Walang ilalagay na address sa card.

### cont... Mga Dokumento na may Isang (1) Puntos - Patunay ng Paninirahan para sa mga aplikante na walang address ng tirahan o mga nakaligtas sa karahasan sa tahanan

- Liham mula sa isang bahay-kanlungan sa NYC (dapat nagsasaad na ang aplikante ay naninirahan sa bahay sa loob ng 15 araw at na pumapayag ang bahay-kanlungan na manatili ang mga residente nang higit sa 30 araw) (may petsa na nasa loob ng 60 araw) Ilalagay ang address ng bahay-kanlungan sa card.
- Liham mula sa programa ng pangangalagang residensyal para sa biktima ng karahasan sa tahanan na may petsa sa loob ng 30 araw. Maaaring walang nakalagay na address sa card, o gamitin ang P.O. box ng programa.
- Liham mula sa ahensya ng Lungsod, walang-pakinabang na kapisanan, o relihiyosong institusyon sa NYC na nagbibigay ng mga serbisyo para sa mga nakaligtas sa karahasan sa tahanan (may petsa na nasa loob ng 30 araw). Walang ilalagay na address sa card.
- Liham na mula sa ospital o klinikang pangkalusugan sa NYC (may petsa na nasa loob ng 30 araw). Walang ilalagay na address sa card.

### Anong Dapat Gawin Kung Wala Kang Sapat na Dokumentasyon

- Puwede ka pa ring makapag-apply para sa IDNYC. Kung ikaw ay ipinanganak sa Lungsod ng New York; tumatanggap ng Tulong Pinansyal o mga benepisyo ng SCRIE; naninirahan sa gusali ng NYCHA; at/o wala kang pirming tirahan, makipag-usap sa isa sa aming mga kawani ng Enrollment Center.

### Relasyon sa Tagapag-alaga - Patunay ng Relasyon ng Tagapag-alaga at aplikante

- Kailangan ring magbigay ang aplikante ng hindi bababa sa 2 puntos na nagpapatunay ng pagkakakilanlan, kabilang ang petsa ng kapanganakan. Kailangang magbigay ng tagapag-alaga ng hindi bababa sa 3 puntos ng dokumento na nagpapatibay ng kanilang pagkakakilanlan, kabilang ang ID na may litrato. Ang mga edad ng aplikante na maaaring gumamit ng bawat dokumento ay nasa panaklong.**
- Sertipiko ng kapanganakan ng aplikante (21 taon at pababa)\*
  - Hatol ng pag-ampon, sertipiko ng pag-ampon, o Ulat ng Pag-ampon ng NYS DOH (21 taon at pababa)\*
  - Form ng Pagkilala ng Pagiging Ama na inisyu ng NYC DOHMH, at NYS OTDA (21 taon at pababa)\*
  - Liham mula ACS o ahensya ng foster care ng ACS (21 taon pababa) Dapat magpakita ang tagapag-alaga ng ID ng empleyado ng ACS o ng ahensya.\* Nagpapatunay rin ng paninirahan. (may petsa na nasa loob ng 60 araw)\*
  - Sertipikasyon na ang tagapag-alaga ay lisensyadong foster parent; at liham mula sa ahensya ng foster na nagsasaad na ang tagapag-alaga ay ang foster parent ng aplikante. (may petsa na nasa loob ng 60 araw; 21 taon at pababa)\*. Nagpapatunay rin ng paninirahan.
  - Utos ng Hukom sa Pagka-ama/Pag-alam ng Relasyon (21 taon at pababa)\*
  - Sertipiko ng kapanganakan ng aplikante at sertipiko ng kasal, sibil na unyon, o domestikong pagsasama ng stepparent (21 taon at pababa)\*
  - Form ng Beripikasyon ng Paglabas (Verification of Release) na inisyu ng U.S. HHS/ORR (21 taon at pababa)\*
  - Utos ng dayuhang hukom na nagtatalaga sa tagapag-alaga bilang legal na tagapangalaga ng aplikante (21 taon at pababa)\*
  - Utos ng hukom ng U.S. na nagtatalaga sa tagapag-alaga bilang legal na tagapangalaga ng aplikante (anumang taon)\*
  - Notice of Decision or Determination (NOD) ng Kapansanan sa Pag-unlad na inisyu ng NYS OPWDD (anumang taon)\*
  - Liham mula sa pasilidad ng residensyal na pangangalaga na pinamamahalaan, lisensyado, sertipikado, o pinopondohan ng NYS OPWDD, NYS OMH, NYS DOH, or NYC DOHMH. (may petsa na nasa loob ng 60 araw; anumang edad) Dapat magpresenta ng ID ng empleyado ang tagapag-alaga. Nagpapatunay rin ng paninirahan.
  - Liham mula SSA na nagsasaad na ang indibiduwal na tagapag-alaga ay ang Kinatawag Tagabayad ng aplikante (may petsa na nasa loob ng 1 taon; anumang edad)\*
  - Liham mula SSA na nagsasaad ng isang organisasyon bilang Kinatawag Tagabayad ng aplikante (may petsa na nasa loob ng 1 taon) AT liham mula sa organisasyon na nagsasaad na ang empleyado/kinatawag ay awtorisadong kumatawan sa aplikante (may petsa na nasa loob ng 60 araw; anumang edad) Dapat magpakita ng ID ng empleyado ang tagapag-alaga.
  - Liham mula NYS OPWDD, NYS DOH, NYS OMH, NYC DOHMH, o isa sa mga provider ng mga ito (may petsa na nasa loob ng 60 araw; anumang edad) Dapat magpakita ng ID ng empleyado ang tagapag-alaga.

### Patunay ng Pagka-Beterano (Isa Lamang Ang Kailangan)

- DD 214: Sertipiko ng Pagtiwalag o Diskarga mula sa Aktibong Paglilingkod
- DD 2 (Retirado): ID card ng Hukbong Serbisyo ng US (Retirado)
- VIC/VHIC ID card ng Ospital ng Kapakanan ng mga Beterano
- NGB-22: Kawanihan ng Guwardiyang Pambansa Ulat ng Pagtiwalag at Tala ng Serbisyo
- Lisensya sa Pagmamaneho mula sa NYS DMV o ID ng Hindi Nagmamaneho na May Pagtatalaga ng Pagiging Beterano
- IDNYC card na may Pagtatalaga ng Pagka-beterano
- Pagpapatunay mula sa Kagawaran ng Mga Serbisyo Para sa Mga Beterano ng NYC na nagkumkumpirma ng serbisyo militar
- Liham mula sa Kagawaran ng Mga Serbisyo Para sa Mga Beterano ng NYC na kumukumpirma ng serbisyo militar